




BISIG 2015

INSTITUTE OF LABOR AND INDUSTRIAL RELATIONS

BISIG

2015 Bol. 2



**MANGGAGAWA AT PAGGAWA
SA PANAON NG NEOLIBERALISMO**

BISIG

Office of the Vice President for Research, Extension, Planning and Development
Institute of Labor and Industrial Relations

Rimando E. Felicia
Punong Editor

Jomar G. Adaya
Tagapamahalang Editor

Richardo M. Ramos
Editorial na Staff

Lupon ng mga Editor

Emanuel C. De Guzman, PhD
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

Judy Taguiwalo, PhD
Unibersidad ng Pilipinas

Manuel M. Muhi, PhD
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

Epifanio San Juan Jr., PhD
Philippine Cultural Studies Center, USA

Paul Quintos, MSc
Ecumenical Institute for Labor
Education and Research

Nancy Kimuell-Gabriel, PhD
Unibersidad ng Pilipinas

Ramon Guillermo, PhD
Unibersidad ng Pilipinas

David Michael San Juan, PhD
De La Salle University

Ang BISIG ang natatanging refereed journal sa mga research institute ng PUP na nasa wikang Filipino na nagtatampok ng mga artikulo o papel pananaliksik hinggil sa kalagayan ng sektor ng paggawa sa Pilipinas na taunang inilalabas ng ILIR-PUP. Pangunahing itinatampok nito ang mga pag-aaral na sumisipat sa mga napapanahong isyu hinggil sa kalagayan ng manggagawang Pilipino. Karaniwang nakatuon ang mga paksa sa mga usapin tulad ng unyonismo, globalisasyon, neoliberal na polisiya, kilusang panlipunan, karapatan at kalagayan ng manggagawa, at iba pang katulad na ang perspektiba'y maaaring nakasandig sa multi/interdisiplinaryong lapit.

Dumadaan sa proseso ng *double-blind peer review* ang mga artikulo. Ang isusumiteng artikulo ay nararapat na orihinal at hindi pa nailalathala at nasa wikang Filipino. Sakaling nasa ibang wika, marapat na isalin ito sa Filipino at tanging ang salin ang ilalathala. Maaari itong bahagi ng tesis, disertasyon, mga tala, rebyu, komentaryo o papel na natalakay sa seminar o kumperensiya, at iba pang katulad. Kompyuterisado (MS Word doc.), doble-espasyo, Arial ang font na 12 ang puntos, at 20-30 na pahina na may lakip na 200-300 salitang abstrak (may salin sa Ingles) at susing salita na hindi lalagpas ng apat. Estilong APA 6th edition ang gagamiting dokumentasyon. Kalakip ng isusumiteng artikulo ang hindi lalagpas sa sampung pangungusap na bionote o tungkol sa awtor.

Maaaring isumite ang papel sa bisigilirpup@gmail.com o sa ilir@pup.edu.ph. Para sa mga katanungan, tumawag lamang sa numerong 3351787 local 304 o kaya ay magtungo sa tanggapan ng ILIR-PUP sa 418 South Wing, PUP Mabini Campus, Anonas St, Sta. Mesa, Manila.

BISIG

Surian sa Paggawa at Relasyong Pang-industriya

BISIG

Karapatang-ari © 2015 Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

Maaaring sipiin ang alinmang bahagi ng journal para sa ikasusulong ng interes at mithiin ng mga anakpawis at mamamayan. Kailangan lamang ng angkop na pagkilala sa naglathala o sa mga may-akda.

Inilathala ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

2015 Bolyum 2

ISSN: 2467-6330

Paliwanag sa Pabalat (Cover)

Ang sining-biswal na ginamit sa isyung ito ng Bisig ay ambag ng kilalang artista ng bayan at ng uring manggagawa na si Leonilo "Neil" Doloricon. Pinamagatang "Globalisasyon" ang sining-biswal na nasa pabalat sa harap, samantalang "Tagapaglikha" naman ang nasa pabalat sa likod.

Paunang Salita

Mahigit tatlong dekada ng paghambalos ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon (LPD o Lapida kung tawagin ng mga manggagawa). Paano nga'y matinding hagupit ang inabot ng manggagawa at mamamayan sa epekto ng mga patakarang ito ng globalisasyon. Naghalinhinan ang mga administrasyon sa gubyrerno subalit nanatili at lalo pa ngang sumisidhi habang lumalaon ang pagpapatupad sa mga patakarang ito sa anyo ng mga batas, polisiya at programa ng mga ahensya at iba pang instrumento ng paghahari ng gubyrerno.

Lalo pang tumindi ang krisis ng lipunang Pilipino. Sa kabila ng mga palamuti ng demokrasya, hindi mapapasubalian kahit kulapulan ng mapanlinlang na datos ang malubhang pagsadsad ng ekonomya ng bansa at ang matinding paghihikahos ng nakararaming mamamayan. Lumalago ang ekonomya subalit nauubos ang mga regular na trabaho, ibayong miserable ang pamumuhay ng maralita, lalong nawawalan ng lupa ang magsasaka at nasasaid ang yaman ng bansa dahil sa pagsidhi ng pangungulimbat ng mga dayuhan at malalaking kapitalista sa ating bayang sinta.

Sa kabila nito, walang palatandaang mahihinto ang mga patakarang ito. Patuloy pa ring nakatuon sa eksport, umaasa sa import at nakasandig sa dayuhang kapital at pautang ang istrategiya ng ating ekonomya. Sa kabila ng mga nagdudumilat na mga patunay, datos, anekdota, halimbawa, kwento at pag-aaral sa nakasisirang epekto nito sa ekonomya at kabuhayan ng bayan, ito pa rin ang isinusulong ng gubyrerno. Tila hindi pa sapat ang tatlumpung taon ng pagkaduhagi ng ating bayan sa direktang epekto ng globalisasyong neoliberal.

Sa isyung ito ng Bisig, inilalarawan ng mga akda ang iba't ibang mukha at epekto ng globalisasyong neoliberal mula sa wika, produksyon, media, relasyong industriyal at sa iba pang aspeto ng lipunan. Layon ng isyung ito na umambag sa patuloy na pag-unawa sa globalisasyong neoliberal sa layuning hanapin ang landas tungo sa pagkakamit ng malaya at masaganang lipunan.

Sa bandang huli, walang susulingan ang mamamayan kundi ang kanilang sariling lakas. Sa kanilang sama-samang lakas matatagpuan ang tunay na kapangyarihang magbago ng lipunan. Subalit magagawa lamang ito ng mulat, organisado at determinadong mamamayan kasama ang mga istudyante, manggagawa, magsasaka at iba pang pwersang naghahangad ng tunay at makabuluhang pagbabago sa lipunan. At tapat sa aming panata --- ang Bisig ay lalaging bisig ng manggagawa at mamamayan!

Prof. Rimando E. Felicia
Editor

Mga Nilalaman

Introduksyon

Para sa Negosyo o Kalayaan? Pagsipat sa Dayuhang Pagmamay-ari at Kalagayan ng Manggagawa sa Media

Dennis Espada

1

Panimulang Dalumat sa mga Tula ng mga Magkokopra sa Bondoc Peninsula Tungo sa Pagsiyasat sa Panlipunang Kaakuhan

Romeo Peña

23

Pangangapital sa Wika sa Espasyo ng Kolonyal na Moda ng Produksyon sa Pilipinas

Jomar Adaya

37

Balanseng Paggugrupo ng Trabaho: Ang Bisyon ng Parecon ni Michael Albert

U Eliserio

61

Kontra-Modernidad: Ilang Mungkahi sa Pagbabagong Radikal ng Lipunan

Epifanio San Juan Jr.

79

Neoliberalismo at ang Kilusang Paggawa sa Pilipinas: Epekto at Pakikibaka

Daisy Arago, Salin ni RE Felicia

89

Mga Kontribyutor

125

JOMAR GONZALES ADAYA

Pangangapital sa Wika sa Espasyo ng Kolonyal na Moda ng Produksyon sa Pilipinas

Nakatuon ang papel na ito sa pagsipat sa makabuluhang papel na ginagampanan ng wika sa espasyo ng moda ng produksyon sa bansa sa pamamagitan ng pagsasakonteksto nito sa kolonyal na kasaysayan mula sa sistemang pyudal hanggang sa kapitalismo. Gamit din ang ilang tala sa pag-usbong at paglaganap ng neoliberalismo bilang mekanismo sa pagkontrol sa ekonomiya, pangunahin na ng mga makapangyarihang bansa, sinisipat ang relasyon nito sa mga isyung pangwika na mababakas sa mga polisyang itinatakda ng estado para sa sistema ng edukasyon. Sa panahon ng globalisasyon, kung saan patindi nang patindi ang epekto ng neoliberalismo lalo na sa sistema ng edukasyon, tinatangkang pagmunihan sa papel kung paano tinatrato ang wika bilang bahagi ng kapital tungo sa pagtugon sa merkado ng paggawa na itinatakda ng global na kapitalismo.

Mga susing salita: kapitalismo, globalization, neoliberalismo, wika

This paper focuses on the analysis of the significant role of language in the spaces of mode of production in the country through its contextualization in colonial history from the feudal system to capitalism. Likewise using notes on the growth and spread of neoliberalism as a mechanism of economic control, primarily of powerful countries, issues on policies on language dispensed by the state to its system of education are scrutinized. In this age of globalization where effects of neoliberalism especially on systems of education continue to intensify, this paper contemplates on language as a form of capital to respond to the labor market controlled by global capitalism.

Key words: capitalism, globalization, neoliberalism, language

“Language is the perfect instrument of empire... Together they begin, grow, and flourish, and together they fall.” – Antonio de Nebrija¹

Panimula

Naglabas ang Korte Suprema ng bansa ng *Temporary Restraining Order* hinggil sa CHED Memorandum order 20 noong 2015. Ang memorandum na ito ng CHED na naglalaman ng bagong General Education Curriculum sa kolehiyo ay kakikitaan ng paglabag sa konstitusyon ng Pilipinas hinggil sa usapin ng edukasyon at pambansang wika. Sa bagong kurikulum na ito, na nakaangkla sa programang K12 ng basic education, tinanggal ang ilang asignatura tulad ng Panitikan, at Filipino. Sa pangunguna ng Tanggol Wika² na nabuo sa pamamagitan ng kolektibong pagkilos ng mga guro, mag-aaral, manunulat, at iskolar, nakalampag ang pamahalaang bumabalangkas ng mga polisiyang makadayuhan. Isa itong panimulang tagumpay para sa mas mahaba pang paggigiit na maisulong ang wikang pambansa at makabayang edukasyon sa Pilipinas.

Sa kabila ng tagumpay na ito, marami pa ring hindi lubos na nauunawaan ang kabuluhan ng pag-aaral ng Filipino hanggang sa mataas ng antas ng edukasyon. Nariyan pa rin ang mga nagsusulong ng paggamit ng wikang Ingles at maging ang mga rehiyunalista na hindi tanggap noon pa man ang wikang pambansa. At lalo na ang ilang mga administrador³ ng mga pamantasan at sangay ng edukasyon, na pawang mula naman sa hanay ng mga elite. Patunay ito sa produktong hinubog ng kolonyal na balangkas ng sistema ng edukasyon kung saan hindi binibigyang halaga ang sariling kalinangan tulad ng wikang magbibigkis sa bayan at lagi na lamang nakatingala sa dayuhan.

Isang magandang halimbawa, ang artikulo ni James Soriano⁴ noong 2011 kung saan inilahad niya ang pagtingin niya sa wikang Filipino. Aniya, “Filipino was a chore, like washing the dishes; it was not the language of learning. It was the language we used to speak to the people who washed

our dishes...” May ganitong pagpapakahulugan sa wikang Filipino ang mga produkto ng elite sapagkat ito ang realidad sa kanilang uring kinabibilangan. At dahil sila ang nasa poder ng kapangyarihan, ang tinig din nila ang madalas na namamayani na siyang nagiging pamantayan. Malinaw din para kay Soriano na sa wikang Ingles niya matatamo ang karunungan. Ang wikang nagkaroon ng pristehiyo sa lipunang Pilipino na nakaugat sa Amerikanong pananakop. Sa kabila nito, higit na malaki pa rin ang bilang ng masang Pilipino na bumubuo sa ating lipunan. Sa katunayan, sa isinagawang poll ng programang *Umagang Kay Ganda* noong Abril 2014, marami pa rin ang naniniwala na hindi dapat tanggalin ang Filipino sa kolehiyo.

Malinaw na may tunggalian sa usapin ng wikang pambansa partikular sa sistema ng edukasyon natin. Kahit na dapat ay hindi pinagtatalunan ang kabuluhan ng wika sa pagpanday ng kaalaman at pagpapaunlad ng bayan. Matagal nang naipaliwanag ni Renato Constantino (*The Miseducation of the Filipino*) ang kabuluhan ng wika sa pagpapaunlad ng bansa sa pamamagitan ng edukasyong mapagpalaya at hindi nakatali sa dayuhang interes. Aniya, “ang wika ay kasangkapan sa proseso ng pag-iisip at sa pamamagitan nito, napapanday ang kaisipan, na humahantong din sa pag-unlad ng wika at bayan” (Constantino, 1998).

Sa kabilang dako naman, nakikita rin sa kasalukuyan ang kabuluhan ng wika (partikular ang Ingles) sa pagpapatuloy ng dominasyong makauri sa lipunan at pagsusulong ng makadayuhang interes. Maaari nating sipatin ito sa mga programa ng mga pamantasan o paaralan (lalo na sa mga pribado) na higit na nagbibigay-halaga sa paggamit ng wikang Ingles. Karaniwan nang makikita ang islogan ng mga pamantasan na: “English Speaking School/University” o maging ang pagkakaroon ng EOP o English Only Policy. Mga patunay ito sa patuloy na pagpapaigting ng kahusayan sa dayuhang wika, na makikita rin sa mga programa kung saan upang lalong matutuhan ito, nagtatayo pa ng mga English laboratory, mga sentro ng wikang Ingles, at maging ang pagkakaroon ng English plus para sa mga mag-aaral na kinapos sa eksaminasyon para maka-enrol sa kolehiyo. Isama pa rito, ang pagmamalaki sa mundo na ang Pilipinas ay isa sa mahuhusay magsalita ng Ingles sa Asya. Ganito ang kalagayan sapagkat kakabit ng Ingles ang

retorikang “globally competitive” na etiketang sangkalan sa pagsusulong sa daigdig ng ideolohiya ng globalisasyon o sa mas tiyak, ng kapitalismo. Ang wika ay mahalagang kasangkapan upang mapatindi ang ugnayang global at patuloy na mabaklas ang mga bakod na hangganan ng mga bansa lalo na sa aspekto ng ekonomiya. At sa puntong ito, malinaw na ang Ingles ang siyang naging wika ng daigdig at wika ng globalisasyon o sa mas praktikal na antas, ang wika ng imperyalismo. Sa librong *A Marxist Philosophy of Language* ni Jean-Jacques Lecercle (2006) nilinaw niya ang pag-unawa sa pagpapakete sa Ingles bilang wikang global:

“When we consider that standard English is no longer the language of Shakespeare (or Tony Blair) but that of George Bush, we will note that the global diffusion of American TV series in the original is a powerful factor of linguistic unification: this is how the village is becoming global. And it is scarcely necessary to recall that English is the language of the world-wide web and the language of economics – that is, the language of neoliberal globalisation: here, the English language is the direct instrument of imperialism.”

Sa ganitong kaso, maaaring tingnan ang kabuluhan ng pangangapital sa wika sa panahong kailangang magkaunawaan ang mga bansa sa daigdig tungo sa patuloy na pagdomina sa ekonomiya. Ang pagiging instrumental ng wika sa puntong ito ay malinaw na hindi para sa kapakanan ng bayan, lalo na sa kaso ng mga bansang nasa ikatlong daigdig o yaong tinatawag ni Lecercle na nasa “periphery,” kundi higit para sa mga bansang tangan ang kapangyarihang pang-ekonomiya at pampolitika.

Higit pa sa usaping pangwika ang dala-dala ng globalisasyon, dahil binabagtas at binabaklas nito ang ekonomiya at politika partikular ng mga mahihina o mahihirap na bansa. Ang globalisasyon ang pandaigdigang mukha ng neoliberalismo, isang taktika ng akumulasyon at panlipunang disiplina na tinatahak ang isang imperyalistang proyektong pinangungunahan ng mga makapangyarihang bansa sa mundo partikular na ang Estados Unidos katuwang ang mga lokal na kapitalista (Saad-Filho at Johnston, 2005).

Ayon kay San Juan (2014), “ang globalisasyon ay tumutukoy sa pandaigdigang sistema ng malayang kalakalan o freetrade na isinasagawa sa pamamagitan ng pag-aalis ng taripa (buwis sa imported na produkto)... layunin ng globalisasyon na buuin ang isang daigdig ng mga bansang malayang nagpapalitan ng produkto, kultura, at tao.” Ito ang borderless world kung saan nagkakuwawang ang wika sa pangangapital, lalo na sa sistema ng edukasyon na nakatingala sa dayuhan.

Sa pagsusuri ni Sicut (2014) gamit ang lente ni Pierre Bourdieu, ipinaliwanag na ang wika ay isang economic fact, at instrumento ng kapangyarihan at aksyon. Ibig sabihin, ang wika ay hindi lamang simbolo na may kahulugan dahil mahalaga rin itong kasangkapan sa pagsasakapangyarihan, partikular sa ekonomikong aspekto. Sa usapin ng kapangyarihan, laging may namamayani at may naisasantabi, laging may nangpa-power trip (Reyes, 2011). Sa konteksto ng ekonomiya at politika sa lipunang Pilipino, laging dehado/etsa pwersa o ginagamit sa pangpa-power trip, ang wika gaya sa kaso ng Filipino.

Ilang Tala sa Kasaysayan: Mula Pyudal Patungong Kapital

Sa pagbibigay ng ilang tala hinggil sa moda ng produksyon sa Pilipinas, mahalagang mabalikan ang ilang konsepto hinggil sa pinagugatan ng lahing Pilipino tungo sa pagsapit ng panahon ng kolonyal na lipunan. Isa ito sa mga patunay na mayroong pinag-uugatang sibilisasyon ang ating lahi.

Ang pagtuklas sa binatbat na tanso sa Laguna noong bago matapos ang dekada 80, ay nagpabago sa mga detalye ng kasaysayan ng bansa. Sa pamamagitan ni Antoon Postma (1992) batay sa kanyang artikulo na *Laguna Copperplate Inscription*, nasuri ang natagpuang tanso na pinaniniwalaang nakuha mula sa baybayin ng Laguna de bay. Sa kanyang pagsusuri, tinatayang libong taon bago pa dumating ang mananakop ang edad ng natagpuang tanso na kakikitaan ng katutubong paraan ng pagsulat.

Para naman kay Tiongson (2013) lumalabas na ang wikang ginamit dito ay pinagsamang Sanskrit, Malay, kung saan may binabanggit pang mga lugar sa mga probinsya ng Laguna, Bulacan at maging Maynila. Patunay ito, na matagal na panahon nang umiiral ang kabihasan ng ating lahi.

Sa tala ng Australiyanong iskolar na si Peter Bellwood (2006) sa kanyang artikulong *The Austronesian: Historical and Comparative Perspective*, sinasabing nagmula ang ating lahi sa mundong Austronesyano. Batay sa kanyang pag-aaral, ang Austronesyano na naglakbay mula sa Timog na bahagi ng Tsina patungo sa Taiwan hanggang marating ang Pilipinas sa pamamagitan ng paglalayag. Nagtuloy pa sila sa gawing kanluran hanggang sa Madagascar at sa gawing silangan sa mga pulo ng Polynesian. Ayon kay Chua (2013), “ang lahing Pilipino ay kabilang sa mga Austronesyano na isa sa pinakamalaking angkan ng etnolinggwistikong pangkat sa mundo.” Dagdag pa niya, na ang mga katutubong Austronesyano ang isa sa mga unang gumamit ng teknolohiya sa pandaragat sa pamamagitan ng bangkang may katig. Mababakas din ang katangiang Austronesyano sa ating konsepto ng pamilya o partikular ang kinship. Sa tala ni Covar (1998), ang kinship na nakaugat sa Austronesyanong kalinangan ay binabalangkas mula sa bahay, sambahayan (kulumpon ng bahay), pamayanan, at bayan. Magkakaugnay ang mga ito na sa kabuuan ay tumutukoy sa taumbayan na naninirahan sa isang komunidad na may sariling kalinangan.

Sa pag-aaral ni Salazar (1998) mula sa aklat na *The Malayan Connection*, sinasabing maaaring ugatin ang ating lahi sa dalawang mundo: Austronesyano at Duniya Melayu. Ang Duniya Melayu ang mundong Malay, na mababakas sa katimugang bahagi ng ating bansa kung saan lumaganap ang Islam. Sa tala naman ni Kimuel-Gabriel (2015) sa kanyang lektura tungkol sa *Pagsasambayanan: Ang Pagpasok ng Islam sa Pilipinas*, tinatayang 1280 nasimulan ang Islam sa pamamagitan ng mga komunidad na itinatag sa bansa na tinatawag na kampong pangampong. Kaya sa ganitong pagtingin, malinaw na ang kabuuan ng lipunang Pilipino ay hinubog ng dalawang mundo na batayan ng ating lahi.

Mahalagang maunawaan ang mga nabanggit na tala hinggil sa kasaysayan tungo sa panimulang pagtatala ng moda ng produksyon sa

Pilipinas upang masuri kung bakit may gitgitan ng uri sa usapin ng wika at edukasyon sa lipunang Pilipino sa kasalukuyan. Nakaangkla ang usaping ito sa kung paano binalangkas (maaaring winasak o inabuso) ng kolonyal na lipunan mula Kastila patungong Amerikano ang ekonomikong kalagayan ng Pilipinas. Sa ganitong punto, makabuluhang tingnan ang produksyon ng kahulugan bilang isang sosyo-ekonomikong pangyayari⁵

Tulad ng nabanggit sa unahang bahagi, bago pa man dumating ang mga mananakop, may umiiral nang sistemang panlipunan na mababakasan din ng mga uri: maginoo, maharlika, timawa, alipin (Gabriel, 2015), at pyudal din na sistema lalo na sa katimugang bahagi ng bansa, subalit ibang-iba sa balangkas na dala ng mga Kastila. Ayon kay Amado Guerrero (1970), “before the coming of Spanish colonialists, the people of the Philippine archipelago had already attained a semicomunal and semislave social system in many parts and also a feudal system in certain parts, especially in Mindanao and Sulu, where such a feudal faith as Islam had already taken roots.” Sa sistemang barangay o sultanato, mayroon nang moda ng produksyon na ang tunguhin ay panlipunang pagpapaunlad, hanggang sa kalauna’y mawasak ito at mapalitan ng bagong pormang dala ng mga mananakop (Guerrero, 1970). Sa panahong ito rin ay nakikipagkalakalan na ang mga katutubo sa mga kalapit na bansa. Sa ganitong balangkas ng lipunang katutubo, madaling dumugtong ang Kastila sa moda ng produksyon sapagkat, ang anyo nito ang tila umiiral na rin sa katutubo na maaaring makita sa mga uring panlipunan, sa konsepto ng pag-aari, at paraan ng paglinang sa lupa.

Ganap na nakapasok sa bansa ang pyudalismo bilang bahagi ng pagpapaigting ng kapangyarihan ng mga Kastila. Ito rin ang panahon ng merkantilismong antas ng pag-unlad ng kapitalismo sa Europa (Magallona, 1982). Sa lipunang pyudal, nakatali ang konsepto sa paglinang ng lupa o pagsasaka kung saan may panginoong may lupa (partikular ito’y mga prayle) na siyang may kapangyarihan at alipin o magsasaka na bahagi pa rin ng pag-aari na ang tanging kasangkapan naman ay lakas paggawa. Ang esensya ay nasa ugnayan ng produksyon sa pagitan ng panginoong may lupa at magsasakang unti-unting nawalan ng sariling lupa (landlord-peasant) na pinatindi sa pagkakaroon ng tinatawag na encomienda. Paglilinaw ni Guerrero (1970):

“The kind of society that developed in more than three centuries of Spanish rule was colonial and feudal. It was a society basically ruled by the landlord class, which included the Spanish colonial officials. The Catholic religious orders and the local puppet chiefs. The masses of the people were kept to the status of serfs and even the freemen became dispossessed.... It was in 1570 that the Spanish colonialists started to integrate the barangays that they had subjugated into larger administrative and economic units called the *encomiendas*. Wide areas of land, the *encomiendas* were awarded as royal grants to the colonial officials and Catholic religious orders in exchange for their “meritorious services” in the conquest of the native people. The *encomienda* system of local administration would be phased out in the 17th century when the organization of regular provinces was already possible and after it had served to establish the large-scale private landownership of the colonialists.”

Sa panahong ito, nagamit ang wika ng mga dayuhan upang mapanatili ang kolonyal na estado ng lipunan⁶. Pinag-aralan nila ang ating wika at kultura. Ang wikang Kastila ay hindi itinuro sa mga katutubo at ginamit lamang bilang kasangkapan sa pagsasalin ng mga aral ng simbahan patungo sa wikang katutubo. Naging makabuluhan ang ginampanang papel ng mga ladino sa pagsasakultura ng kolonyal na kaayusan. Ang mga ladino na itinuturing na unang akulturado ayon kay Salazar (1991) ang nagsilbing tagapamagitan sa kanyang kapwa katutubo at Kastila sa pagsasalin ng kultura at doktrinang kalauna’y magiging bahagi ng panlipunang kaayusan. Pagsasakapangyarihan ito, gamit ang pagsasaling wika, ng Kastilang dominasyon sa mga katutubo na lalong umigting sa proyektong reduccion.

“For the Spaniards, translation was always a matter of reducing the native language and culture to accessible objects for and subjects of divine and imperial intervention... translation demands the conversion of language into a gift that comes from God” (Rafael, 1988).

Ibig sabihin, naging instrumental ang wika sa lipunang pyudal upang ipalaganap ang kapangyarihan ng mananakop at manaig ang kulturang kolonyal. Ito rin ang ugat ng matinding banggaan ng uri na maaaring

maisakonteksto sa kapangyarihan ng wika (Kastila man o katutubong wika). Kung babalikan natin ang pag-aaral ni Rafael (1988), ipinakita sa usapin ng pagsasalin ng kultura, na kahit dominante ang mga Kastila, tila may tahimik na paglaban o pagtuligsa ang mga katutubo, sa pamamagitan ng pagbibigay ng sariling kahulugan sa kulturang dala-dala ng dayuhan na naging daan upang maisakatutubo, halimbawa ang mga aral ng katolisismo tulad ng pasyon, at naging imahen o representasyon pa ito sa paghahangad ng kalayaan ng mga uring etsa pwersa sa lipunang pyudal.

Unti-unti at dahan-dahan ang pagbabagong bihis ng moda ng produksyon mula sa pyudalismo patungo sa kapitalismo sa Pilipinas. Naging esensyal ang pagpasok ng bansa sa pandaigdigang kalakalan noong bago matapos ang ika-18 siglo kung saan nakita ng mga maunlad na kapitalistang bansa tulad ng Amerika at Britanya ang kapakinabangan ng produkto ng ating bansa. Mahalagang masipat dito ang kahinaan ng taktika ng mga Kastila para malinang ang moda ng produksyon at mapaunlad ang Espanya at maging ang kanilang mga kolonya. Nang panahong ito, napag-iwanan ang Espanya ng mga makapangyarihang bansa sa Europa sa usapin ng produksyon (Magallona, 1982). Habang ang Britanya at Amerika ay may maunlad na teknolohiya at nalilintang na ang kapitalismong moda, nakalubog pa rin sa pyudal na sistema ang mga kolonyang bansa sa ilalim ng Kastila. Gayunman, naging bahagi ng pagpasok sa kapitalismong moda ang pyudalismo sapagkat napanatili ang dominasyon ng dayuhan at patuloy na ibinaon sa lupa at kahirapan ang mga Pilipinong magsasaka na kalaunan ay nagbunsod sa kanilang komodipikasyon bilang produkto gamit ang murang lakas paggawa. Isang halimbawa ay ang plantasyon sa Negros ayon kay Temario Rivera (1982) na nagsimulang magluwas ng produkto sa labas ng bansa, subalit nanatiling pyudal o malapyudal pa rin ang moda kahit unti-unting pumapasok sa moda ng kapital.

Sa pagpasok naman ng mga Amerikano, lalong tumindi ang paghihirap ng mga Pilipino kahit na nasa bahagyang moda ng kapitalismo ang produksyon, sapagkat nagamit nang husto ng mga Amerikano ang ating likas na yaman at maging ang murang lakas paggawa para pakinabangan nila. Sinimulan nila ang pagmonopolyo sa mga pangunahing produkto sa

bansa, tulad ng asukal at niyog. Sa atin nagmumula ang hilaw na materyales, na pinaghirapan ng mga Pilipinong murang lakas paggawa ang puhunan, at nililinang o niyayari naman sa Amerika ang produkto. Ang problema, tayo din ang kokonsumo ng mga produktong mula sa atin. Kaya one sided ang moda ng produksyon, na ang kumikita ay dayuhan at lokal na kapitalista.

Sa panahong ito rin ipinalaganap ang pampublikong sistema ng edukasyon na pangunahing kasangkapan ang wika sa pagsusulong ng Amerikanong kaisipan. Kumpara sa mga Kastila na hindi itinuro nang ganap ang kanilang wika, ang mga Amerikano ay pilit ipinalasa sa ating dila ang Ingles na hanggang ngayon ay damang-dama natin. Gamit ang wikang Ingles, hinubog ng edukasyong kolonyal, ang mga mamamayang tinitingala ang Amerika, ipinagmamalaki ang dayuhan, at tila isinusuka o ikinahihiya ang sariling kultura. Nilinaw ni Renato Constantino (1998) na naging daan ang edukasyon para mahubog ang ating kaisipan na hindi tayo industriyalisadong bansa at lagi't laging agrikultural lamang upang manatili ang ating ekonomiya na nakaasa sa dayuhan.

Dahil sa matagumpay na pagbalangkas sa sistema ng edukasyon, nanatili ang kapangyarihan ng wikang Ingles na tila batayan ng katalinuhan at kahusayan. Lalo lamang lumaki ang puwang ng mga uring panlipunan. Ang elite, na nasa poder ng kapangyarihan na wikang Ingles ang gamit, at ang masa na pinagsasamantalahan, na sariling wika ang gamit sa pag-iisip. Sa kapitalistang moda, lahat ay maaaring maging produkto sa proseso ng komodipikasyon. Tulad ng wikang Ingles, na naging pamantayan sa lipunan, nagagamit na din ito sa kasalukuyan sa pagbebenta ng edukasyon ng mga paaralang komersyalisado.

Neoliberalismo sa Wika

Ang neoliberalismo o ang sa kasalukuya'y bagong porma ng liberalismo ay bahagi ng hegemonikong proyekto para sa pagpapanatili at pagpapaigting ng kapangyarihan at kayamanan ng elite. Hindi ito isang moda ng produksyon (Saad-Filho at Johnston, 2005), sa halip ay isang balangkas ng mekanismo para sa pagkontrol sa ekonomiya na ang esensya ay hindi maihihiwalay sa globalisasyon at imperyalismo. Mahalagang maugat

ang pag-usbong nito mula sa pagsisimula ng liberalismo na sinasabing nakasandig sa paglimbag ng impluwensyal na aklat ni Adam Smith na *The Wealth of Nation* noong ika-18 siglo. Tampok sa ideya ng liberalismo ang pagpapaunlad sa ekonomiya na makakamit sa pamamagitan ng pag-aalis ng interbensyon ng estado, at bilang kritika rin ng kilusang liberal “laban sa paghadlang ng pyudal na estado sa paglago ng kapitalistang sistema” (Ang Bayan, 2016). Isa sa mga pangunahing konsepto ni Adam Smith ang tinatawag na “invisible hand” kung saan ang indibidwal na aksyon sa malayang kalakalan ay magiging kapaki-pakinabang para sa lahat. Subalit dahil sa monopolyo sa produksyon, ang sinasabing kapakinabangan sa kabuuan ng lipunan, ay hinahamig lamang ng iilan. Paglilinaw ni Jose Maria Sison (2012), “the notion that the invisible hand of self-interest in the free market results in the common good but obscures his idea that labor power is the creator of new material values and social wealth... It idealizes and perpetuates the idea of free competition capitalism.”

Para kay Adam Smith (2005), ang pag-unlad ng mga bansa ay nakasalalay sa malayang kalakalan at sa sinasabi niyang “absolute advantage” kung saan tinitingnan ang potensyal na pagyaman ng bansa batay sa produktong mayroon o available sa mga mamamayan. Dagdag pa niya:

“If a foreign country can supply us with a commodity cheaper than we ourselves can make it, better buy it of them with some part of the produce of our own industry employed in a way in which we have some advantage. The general industry of the country, being always in proportion to the capital which employs it, will not thereby be diminished ... but only left to find out the way in which it can be employed with the greatest advantage” (Smith, 2005).

Nagbagong bihis ang liberalismo patungo sa neoliberalismo noong papalapit sa kalagitnaan ng ika-20 siglo. Ang great depression noong 1930’s ang naghudyat sa bagong anyo ng liberalismo na umuugat sa “krisis ng sobrang produksyon sa monopolyo kapitalismo” na nagsimula sa pagbagsak ng halaga ng stock ng Estados Unidos noong 1929. Isa sa mga pangunahing

ekonomista si John Maynard Keynes ang nagsulong sa pagbibigay puwang sa interbensyon ng gobyerno at mga bangko para maisalba ang ekonomiya. Sa kanyang librong *The General Theory of Employment, Interest and Money* (1936), susing konsepto ng binansagang Keynesianismo, ang “monetary policy” o pagpapababa sa interest rate, at “fiscal policy” o paggastos ng gobyerno sa mga investment sa imprastruktura na nakabatay sa kanyang argumento na ang antas ng empleyo ay hindi nababatay sa halaga ng paggawa, kundi sa paggastos ng pera.

Subalit makalipas ang ilang dekada at muling pagbagsak ng pandaigdigang ekonomiya, sinasabi ng mga kritiko ng Keynesianismo, sa pangunguna nina Milton Friedman at Friedrich Hayek, na “ang penomenon ng istagplasyon ay dulot ng interbensyon ng estado sa ekonomiya mula sa Great Depression hanggang sa pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig” (Ang Bayan, 2016). Ito ang maituturing na ikalawang yugto ng pagbabagong bihis ng liberalismo patungo sa neoliberalismo noong 1970’s kung saan ganap na tinatanggal ang kontrol ng gobyerno sa ekonomiya sa pamamagitan ng iba’t ibang mekanismo at pagsusulong ng malayang kalakalang pangungunahan ng mga kapitalista. Ang neoliberalismo sa ganitong punto ay “ideology of the market and private interests as opposed to state intervention” (Dumenil at Levy, 2005), subalit hindi ganap na nawawala ang partisipasyon ng gobyerno dahil “ang lipunan ay nagiging merkado, at ang estado mismo ay nagmimistulang palengke” (Munck, 2005, akin ang diin) na kontrolado ng pribadong sektor.

Susing konsepto ng neoliberalismo ang deregulasyon, pribatisasyon, komersyalisasyon at indibidwalismo, na pawang nakatutok sa interes ng malalaking kapitalistang mamumuhunan, na pangunahing nagmumula sa mayayamang bansa. Pormal na nailunsad ang neoliberalismo bilang ekonomikong polisiya noong maluklok sina Prime Minister Margareth Thatcher ng Inglatera at Pangulong Ronald Reagan ng Estados Unidos (Palley, 2005). Ito rin ang hudyat ng matinding pag-atake sa hanay ng mga manggagawa sa pamamagitan ng iba’t ibang mekanismong kinasangkapan ng estado.

Sa kaso ng ating bansa, na mula sa ikatlong daigdig at hindi industriyalisado, nakaasa tayo sa dayuhang mamumuhunan, at sa pag-aangkat ng yaring produkto at pag-eeksport ng hilaw na materyales, at kung ipopook sa kasalukuyan, pag-eeksport ng lakas paggawa. Sa ganitong kalagayan, nakatali tayo sa ideya ng kapitalismo kung saan dehado ang ating bansa kumpara sa mga mayayamang bansa. Nananatili tayong manggagawa at konsyumer ng produktong may tatak-dayuhan na mula naman sa ating likas na yaman. Wala tayong industriya na lilikha ng mga produktong Pilipino na kayang makipagkumpitensya sa mga produktong dayuhan. Nananatili tayong sentro ng pagmamanupaktura ng mga produktong dayuhan dahil sa murang lakas paggawa. Ang ganitong kalagayan ay resulta ng isinusulong na malayang kalakalan sa balangkas ng neoliberalismo. Ayon kay Anwar Shaikh (2005):

“Neoliberalism claims that free trade is the best way to foster economic development. But its doctrine is premised on the faulty notion that international competition levels the mighty and raises up the weak. Real competition operates quite differently: it rewards the strong and punishes the weak.”

Sa ganitong ekonomikong kalagayan, saan lumulugar ang isyung pangwika? Mahalagang mabusisi ito mula sa mga polisiyang ipinatutupad sa sistema ng edukasyon na malinaw na tumutugon sa pangangailangan ng neoliberal na pandaigdigang ekonomiya. Hindi natin malilimutan ang Executive Order 210 noong panahon ng pangulong Gloria Arroyo na naglayong patatagin ang paggamit ng wikang Ingles at bawasan ang pagtuturo gamit ang wikang Filipino sa basic education. Nilagdaan noong Mayo 17, 2003, pansinin ang ilang bahagi ng nilalaman ng seksyon 1 ng polisiyang pinamagatang *Establishing the Policy to Strengthen the Use of English in the Educational System*:

“The English language shall be used as a primary medium of instruction in all public institutions of learning at the secondary level. As a primary medium of instruction, the percentage of time allotment for learning areas conducted in the English language in high school is expected to be not less than seventy percent (70%) of the total allotment for all learning areas. This policy has the objective of developing

the aptitude, competence and proficiency of all students in the use of English to make them better prepared for the job opportunities emerging in the new, technology-driven sectors of the economy” (sinipi kay Abad, 2007).

Malinaw sa bahagi ng batas na ito ang pagbibigay ng malaking bilang ng oras sa pagtuturo gamit ang wikang Ingles. Nakasandig ito sa layuning ihanda ang mga mag-aaral sa pagsabak sa mga trabahong pangunahing gumagamit ng wikang Ingles mula sa sinasabing “technology-driven” na sektor ng ekonomiya tulad ng mga BPO o call center company, na pangunahin namang pinatatakbo ng mga transnational corporations (TNCs). Subalit sa ganitong tunguhin, pakikinabangan lamang ang ating lakas paggawa ng mga dayuhang mamumuhunan sa bansa. Sa pagsusuri ni Ramon Guillermo (2007) binigyang diin niya na:

“TNCs do not need employees who are well-versed in Philippines history, language and culture, rather, the reverse is true. What they need are Filipinos with only a scant knowledge of themselves and a blind admiration for everything imported. It’s easy enough to see the connection between the current emphasis being given to the teaching of English and that illusory image English competency being being touted by the government as a comparative advantage of the Filipino employee or laborer in the Southeast Asian region.”

Isa pang batas na naging tuntungan ng E.O. 210 ang House Bill 5814 na pinamagatang *An Act Providing for the Use of English as a Medium of Instruction in Philippine Schools* na ayon sa pagsusuri ni Melania Abad (2007) ay nagpapakita na nagmistulang “isang bagahe na gamitin ang wikang pambansa” na siyang “nagpahina sa paggamit ng wikang Ingles tungo sa kawalan ng kakayanan sa larangan ng matematika at agham.” Nakasandig ito sa kritika sa bilingguwal na sistema ng edukasyon na sinasabing dahilan kung bakit mababa ang pagkatuto sa wikang Ingles.

Sa panahon naman ni Benigno “Noynoy” Aquino ay ang CHED Memo 20, 2013 na may pamagat na *General Education Curriculum: Holistic Understandings, Intellectual and Civic Competencies* na sinasabing

may tunguhin na “expose undergraduate students to various domains of knowledge and ways of comprehending social and natural realities, developing in the process, intellectual competencies and civic capacities.” Kung babasahin, tila nag-aalok ng isang mabuting layunin ang polisiyang ito para sa pagharap ng mga mag-aaral sa mga panlipunang penomenon gamit ang kaalaman at kakayahan. Subalit kung susuriing mabuti may papalabas na paningin itong inihahain na tinatangka umagapay hindi lamang sa usaping pambansa, kundi maging sa pandaigdigang pamantayan. Nakasandig ito sa pangkalahatang layunin ng CHED na nagsasabing: “to produce graduates with higher levels of academic, thinking, behavioral, and technical skills/competencies, aligned with national and, when applicable, international standards” (CMO 20, 2013). Bahagi sa layunin ang paglinang sa kasanayang teknikal na pangunahing pangangailangan sa pandaigdigang merkado. Ang ganitong punto ay paghahanda na makatugon sa tinatawag na “demands of the 21st century life.” Bukod pa rito, isang malaking isyu rin ang pagliit ng bilang ng yunit ng mga asignatura sa GE na naging 36 yunit: 24 (core), 9 (elective), at 3 (life and works of Rizal), na esensyal sa paghubog ng kritikal na pundasyon ng mag-aaral sa kolehiyo at pagkakaroon nila ng kamalayang pambansa. Sinasabing ang GE ang nagsisilbing batayang kaalaman ng mga mag-aaral bago sumuong sa mga ispesipikong pag-aaral sa tinatahak na larang at maging sa iba pang kontextong labas sa kanyang pinag-aaralan. Paglilinaw ni Ramon Guillermo (2014),

“Itinatag ito (GE) sapagkat ipinapalagay na kinakailangan ng mga mag-aaral na dumaan muna sa pangkalahatang edukasyon bago sila tumungo sa alinmang partikular na espesyalisadong kurso ng pag-aaral o disiplina. Dapat idiin dito na hindi simpleng kasangkapan lamang ng alinmang disiplinaryong tunguhin ang GE, may sariling saysay at kabuluhan ang pag-iral nito sa paghuhubog ng mga mag-aaral labas pa sa kanyang posibleng espesyalisasyon.”

Tinanggal din sa bagong GE ang asignaturang Filipino at Panitikan na sinasabing bahagi na ng kurikulum ng Senior High School na nakapaloob sa K to 12 na programa. Malinaw na nakaangkla ito sa kurikulum ng K to 12 na ayon sa polisiya ay “provides the framework and rationale of the revised GE as a paradigm shift and in the context of the K to 12 curriculum based

on college readiness standards” (CMO 20, 2013). Sa kabilang banda, nakasaad din sa CMO 20, 2013 na maaaring gamiting midyum sa pagtuturo ng mga asignatura sa GE ay Ingles o Filipino. Malinaw na mayroong opsyon ang mga HEI’s o Higher Education Institutions sa kung aling wika ituturo ang mga asignatura. Subalit ang problema dito, paniguradong Ingles ang pipiliing gamitin ng mga administrador o pamunuan ng mga pamantasan lalo na sa pribadong institusyon, na pangunahing nakatuon sa paghubog ng kahusayan sa paggamit ng wikang Ingles batay sa kanilang paniniwalang ito ang makatutugon sa global na kompetisyon at sa kabilang banda, para sa pagsusulong ng komersyalisadong edukasyon. Ibang usapin din ang paggamit ng wika bilang midyum sa pagtuturo ng isang partikular na larang, kumpara sa pagkakaroon ng hiwalay na asignaturang Filipino bilang larang. May malaking epekto rin ang pagtatanggal ng mga asignatura tulad ng Filipino sa mga propesor at kawani. Sa tala ng DepEd mula sa papel ni David San Juan (2016) tinatayang 25,000 hanggang 80,000 na propesor at non-teaching personnel sa pribado at publikong kolehiyo at unibersidad ang posibleng mawalan ng trabaho dahil sa bagong kurikulum sa kolehiyo na nakaugnay sa K to 12.

Kaya malinaw, na ang K to 12 na programa ng pamahalaan sa kasalukuyan, ay tinatahak lamang ang paglikha ng sambayanang magsisilbi sa dayuhan na walang pambansang aspirasyon. Paglilinaw ni San Juan (2016):

“For neoliberal governments in the developing countries, tertiary education is a cost, rather than an investment, which is no longer necessary to produce docile workers for low-paying contractual jobs, considering that senior high school will do the trick cheaply and more efficiently (at least in terms of the number of years of pre-employment education). As per the logic of neoliberalism, college education should not be the aspiration of citizens of developing countries because the unjust global division of labor has relegated them to the status of semi-skilled workers with no hope for social mobility nor redemption in a world obsessed with cutbacks in badly needed social services such as education, health care, and housing.”

Ang mga halimbawang polisiya ay nakaugnay sa paglikha sa pamamagitan ng sistema ng edukasyon ng mga Pilipinong manggagawa na marunong mag-Ingles at tinitingala ang dayuhang kultura. Ayon kay Magallona (1982), “The role of the developing countries is to produce and export products of unskilled labor-intensive and technologically-standardized industries, leaving for the more advanced industrial countries the specialization in high skills, and high technology dynamic industries” Ibig sabihin, sa globalisasyon, mananatili tayong tagabigay ng murang serbisyo at konsyumer ng mga produkto habang ang mga mayayamang bansa ang mananatiling sentro ng lahat ng uri ng produksyon, lalo na ng kaalaman at patuloy na makikinabang. Sa ganitong kaso, ipinapakita ng ilang halimbawang polisiya ang pagpapalakas sa paggamit ng wikang Ingles sa sistema ng edukasyon, at pagpapahina, o sa mas masaklap na katotohanan, ay pagtatanggal sa wikang pambansa sa espasyo ng produksyon ng kaalaman.

Kongklusyon

Ang pagtutol ng ilan sa pagpapanatili ng Filipino sa kolehiyo ay isang manipestasyon ng kamalayang hinubog ng kolonyal na kasaysayan. Kung babalikan natin ang kaso ni James Soriano tungkol sa pagtingin niya sa wikang Filipino, ipinapakita lamang nito ang epekto ng kolonyal na kaayusan sa lipunang Pilipino na hinubog ng kasaysayan. Sa kabilang banda, makikita rin natin ang punto ni Soriano sa praktikal na gamit ng Filipino para sa kanya. Ibig sabihin, hindi pa rin niya matatakas ang katotohanang makikipag-ugnayan pa rin siya sa ibang uri na nagsisilbi sa kanya, gamit ang wikang Filipino sapagkat ang taumbayan ang malaking bilang ng uring bumubuo sa ating lipunan.

Samakatuwid ang wika ay may kapangyarihan upang makalikha o kaya nama’y makawasak ng mga paniniwala o maging ng lipunan. Noon pa man ay nilinaw na ng mga iskolar kung paanong ang wika ay nagiging instrumento ng pagkontrol at pag-establis ng kapangyarihan. Gusto kong gawing halimbawa ang kaso ng isang mag-aaral mula sa isang pribadong unibersidad na mainit na pinag-usapan noong 2012. Tinawag siyang “Amalayer” dahil sa pangyayari sa LRT station kung saan nakipagtalo siya sa security guard gamit ang wikang Ingles. “You think I’m a liar? I’m a liar?” Isang simpleng halimbawa ito, na ang wika ay nakakasangkapan

sa paglalagay ng sarili sa poder ng kapangyarihan. Sa konteksto ng pangyayaring ito, ang Ingles ay tila wika ng matalino at may sinasabi sa lipunan. Batid naman natin ang maling kaisipan hinggil sa wikang Ingles bilang sopistikado, siyentipiko, class, at batayan ng uring panlipunan.

Ang pagkakahati ng uring panlipunan ay hindi lamang sa wika makikita kundi lalo na sa kalagayang ekonomiko. Halimbawa, bakit ang broadsheet ay sa wikang Ingles nakasulat na mas mataas ang halaga at makapal, samantalang ang tabloid ay sa wikang karaniwang ginagamit o wikang Filipino na mas mura at mas manipis? Sa aling uri nagmumula ang tagatangkilik ng mga uri ng pahayagan?

Bukod sa ekonomiko at kultural na aspekto, masisilayan din ang kapangyarihan ng wika sa larangan ng politika sa bansa. Hindi ba't ang mga Ingliserong politiko ay nagiging mahusay na mananalumpati sa Filipino tuwing eleksyon upang makuha ang simpatya ng masa? Usapin ng manipulasyon ang paggamit ng wika upang makahikayat sa madla. Sa kabila ng pamamayani ng uring elite, palaging may puwang sa pagbaklas at pag-aklas ang mga uring api. Sa ganitong punto, masalimuot ang proseso ng pagbalikwas na laging ang radikal na tunguhin ay rebolusyon tulad ng isinulong ng mga nag-aklas laban sa mga Kastila. Naging mahalagang sandigan ng mga rebolusyonaryo nang panahong iyon ang sariling wika upang magkaroon ng iisang mithiin tungo sa ganap na paglaya.

Isang mahaba at masalimuot na proseso ang kinakailangan upang maging ganap ang transpormasyong panlipunan. Isang bahagi lamang ng mas malaki at malalim na problemang panlipunan ang isyu ng wika. Mahalaga pa ring maunawaan ng mga tagapagtanggol ng wika ang kakahayan ng wikang pambansa na tumangan ng mga isyung tumatagos sa iba't ibang sektor ng lipunan.

Kung ang Ingles ay nakakasangkapan para sa pagsusulong ng makadayuhang porma edukasyon tungo sa pagkontrol sa ekonomiya, maging sa politika at kultura sa lipunang Pilipino, walang ibang makapangyarihang sandatang panlaban dito kundi ang wikang pambansa na siyang malapit

sa dila ng sambayanan at nagsisilbing tagapagbuklod ng bayan. Ayon nga kay Monico Atienza (1998) “upang salungatin ito (ang paggamit ng wikang Ingles) at mapawalang bisa, isang katutubong wika na nauunawaan ng sambayanan ang nararapat gamitin sa paglilinaw ng mga bagay-bagay at sa pagpapaabot sa mga mamamayan ng lahat ng bagay tungkol sa umiiral na sistema. Ang wikang Pilipino ay isang panlaban sa mga hibo ng imperyalismo, isang paraan ng pagpigil sa pagsasamantala ng isang bansa sa isa pang bansa.” Sa ganitong pagtingin, mahalagang palakasin ang mga pananaliksik sa Filipino na tumatagos sa mga larang at sumusuri sa kalagayan ng lipunan. Patuloy na ikritik ang mga polisiyang ipinatutupad ng estado lalo na sa sistema ng edukasyon upang makapaghain ng mga alternatibong perspektiba at sandigan sa pagbangga sa neoliberal na orden. Makabuluhan ding mabitbit ng wikang pambansa lalo na ng larang sa Filipino ang mga adbokasiyang nagsusulong sa karapatan ng sambayanan.

Ang tagumpay na natamo sa pamamagitan ng Korte Suprema, ay isa lamang simula ng mas matinding laban para sa pagkakaroon ng makabayan at mapagpalayang edukasyon sa bansa. Patunay din ito, na may laban ang taumbayan at may malakas na tinig kung magsasama-sama sa pagkilos na matagal nang sinubok ng kasaysayan. Kung mababago natin ang balangkas ng edukasyon, patuloy na igigiit ang mga karapatang panlipunan, pang-ekonomiya at pangkultura, tiyak na magkakaroon ng unti-unti at dahan-dahang pagbabago sa kondisyon ng ating bansang matagal nang sinasalaula ng mga dayuhan. Ang pamamayani ng dayuhang wika sa kamalayan ng taumbayan at sa kabuuan ng lipunang Pilipino ay may hangganan tulad ng binabanggit ni Antonio de Nebrija. Sa ganang akin, hangga’t patuloy na namamayani ang dayuhang kaisipan na nagtatakda ng ating kapalaran, hindi matatahimik ang taumbayan sa paghahangad na mabago ang lipunan. At sa puntong ito, tunay na makabuluhang kasangkapan ang wikang Filipino sa pagpapalaya ng bayan.

Talahuli

- 1 Sipi mula sa aklat ni Vicente Rafael na *Contracting Colonialism*, 1988
- 2 Nabuo ang TANGGOL WIKA o Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino noong Hunyo 21, 2014 sa isang asembleya na nilahukan ng mahigit 300 delegado na nilayong tutulan ang CMO 20 na isang malaking balakid sa pag-unlad ng wikang pambansa at pagkakaroon ng kritikal na oryentasyon sa edukasyon.
- 3 Napatunayan ito mula sa obserbasyon sa mga konsultasyon ng CHED, na pawang mga administrador lamang o mga may-ari ng pamantasan ang iniimbitahan. Sa isinagawang forum, halos lahat sila ay pabor na tanggalin ang Filipino dahil higit nilang nais ang Ingles na ayon sa kanila ay makabuluhan para maging globally competitive, at sa kabila rin ng katotohanang iyon ang wika ng uri nila.
- 4 *Language, Learning, Identity, Privilege* nalathala sa Manila Bulletin, 2011. Maaaring makita sa <http://mb.com.ph/node/331851/language-learning-identity-privilege>
- 5 Ipinaliwanag ni Crizel Sicat sa kanyang pagsusuri ang ugnayan ng wika at ekonomiya gamit ang konsepto ng simbolikong kapangyarihan ni Bourdieu.
- 6 Maaaring basahin ang paliwanag ni Vicente Rafael, tungkol sa binabanggit ni Antonio de Nebrija ukol sa paggamit ng wika sa pagpapalaganap ng imperyo, sa *Contracting Colonialism*, 1988

Mga Sanggunian

- Abad, M. (2007). *Neoliberalistang Pagpaplanong Pangwika: Tungo sa Komodipikado at Episyenteng Pagpapahayag*. nasa B. Lumbea et al. Mula Tore Patungong Palengke. Quezon City: Iboon Foundation.
- Ang Bayan. (2016, Mayo 21). Ang Kaayusang Neoliberal. Tomo XLVII Blg. 10.
- Atienza, Monico. (1998, April). Filipino ng Kilusang Pambansa-Demokratiko: Pilosopiya at Pulitika sa Pambansang Wika. *Philippine Social Sciences Review*. Special Issue, 170-192. Retrieved from <http://journals.upd.edu.ph/index.php/pssr/article/view/1694/1642>
- Bellwood, P. et al. (2006). *The Austronesians: Historical and Comparative Perspective*. Australia: ANU E Press.

- Commission on Higher Education Memorandum 20. (2013). Retrieved from <http://www.ched.gov.ph/wp-content/uploads/2013/07/CMO-No.20-s2013.pdf>.
- Constantino, R. (1998). *The Miseducation of the Filipino*. nasa Kasaysayan at Kamalayan: Mga Piling Akda Ukol sa Diskursong Pangkasaysayan (Ed) N.M.R. Santillan at M.B.P. Conde. Manila: Limbagang Pangkasaysayan.
- Covar, P. (1998). *Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture*. Manila: NCCA.
- Dumenil, G. at Levy D. (2005). *The Neoliberal (Counter-) Revolution*. nasa Saad-Filho A. at Johnston D. (Eds). *Neoliberalism: A Critical Reader*. London: Pluto Press.
- Guerrero, A. (1970). *Philippine Society and Revolution*. Revolutionary School of Mao Tsetung Thought. Retrieved from <http://www.geocities.ws/kabataangmakabayan64/psr.pdf>.
- Guillermo, R. (2014). *Interdisiplinarisasyon ng General Education (GE): Salungat sa Layunin ng GE mismo?*. *Philippine Humanities Review*, 16 (2). Retrieved from <http://journals.upd.edu.ph/index.php/phr/article/view/5426>.
- Guillermo, R. (2007). *Rationalizing Failures: The Philippine Government in the Education Sector*. nasa B. Lumbera et al. Mula Tore Patungong Palengke. Quezon City: Iboon Foundation.
- Ileto, R. (1979). *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila Press.
- Keynes, J. M. (1936). *The General Theory of Employment, Interest and Money*. UK: Palgrave Macmillan. Retrieved from <https://www.marxists.org/reference/subject/economics/keynes/general-theory/>.
- Kimuell-Gabriel, N. (Marso 11, 2015). *Pagsasambayanan: Ang Estadong Bayan sa Pagsapit at Paglaganap ng Islam: 1280-1588*. Lektura sa klase ng PS 301.
- Lecerle, J. (2006). *A Marxist Philosophy of Language*. G. Elliott (Trans). The Netherlands: Brill Publisher.

- Munck, R. (2005). *Neoliberalism and Politics, and the Politics of Neoliberalism*. nasa Saad-Filho A. at Johnston D. (Eds). Neoliberalism: A Critical Reader. London: Pluto Press.
- Palley, T. (2005). *From Keynesianism to Neoliberalism: Shifting Paradigms in Economics*. nasa Saad-Filho A. at Johnston D. (Eds). Neoliberalism: A Critical Reader. London: Pluto Press.
- Postma, A. (1992). *The Laguna Copper-Plate Inscription: Text and Commentary*. Philippine Studies, 40 (2), 183-203. Quezon City: Ateneo De Manila University.
- Rafael, V. (1988). *Contracting Colonialism: Translation and the Christian Conversion in Tagalog Society Under Early Spanish Rule*. Quezon City: Ateneo de Manila Press.
- Reyes, J. C. (2011). *Ang Huling Dalagang Bukid at Ang Awthobiogrphy na Mali: Isang Imbestigasyon*. Mandaluyong City: Anvil Publication.
- Rivera, T. et al. (1982). *Feudalism and Capitalism in the Philippines: Trends and Implications*. Quezon City: Foundation for Nationalist Studies.
- Saad-Filho A. at Johnston D. (Eds). (2005). *Neoliberalism: A Critical Reader*. London: Pluto Press.
- Salazar, Z. A. (1991). *Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabihasnan*. nasa V. Bautista at R. Pe-Pua (Ed), Pilipinolohiya: Kasaysayan, Pilosopiya, at Pananaliksik (pp. 46-72). Manila: Kalikasan Press.
- Salazar, Z. A. (1998). *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*. Quezon City: Palimbagan ng Lahi.
- Shaikh, A. (2005). *The Economic Mythology of Neoliberalism*. nasa Saad-Filho A. at Johnston D. (Eds). Neoliberalism: A Critical Reader. London: Pluto Press.
- San Juan, D. M. (2016). *Neoliberal Restructuring of Education in the Philippines: Dependency, Labor, Privatization, Critical Pedagogy, and the K to 12 System*. Asia-Pacific Social Science Review, 16(1), 80-110.

- San Juan, D. M. (2014). *Globalisasyon, K to12, Bagong General Education Curriculum at Wikang Filipino: Kamalayan, Ekonomiya, at Edukasyon sa Pilipinas*. Retrieved from https://www.academia.edu/.../Globalisasyon_K_to_12_Bagong_Gen...
- Sison, J. M. (2012, Agosto 12). Neoliberalism: A Scourge to Humankind. International League of Peoples' Struggle
- Sicat, C. (2014, Agosto 29). Politika at Ekonomiya ng Wika: Neoliberal na Patakarang Pangwika sa Pilipinas at Pangangailangang Ipagtanggol ang Wikang Filipino. Papel na binasa sa *Pambansang Kumperensiya Ukol sa mga Pananaliksik Pangwika, Pangkultura at Pangsining sa Wikang Filipino*. PUP Manila.
- Smith, A. (2005). *An Inquiry into the Nature and Causes of the Wealth of Nations*. J. Manis (Ed). USA: Pennsylvania State University.
- Tiongson, N. (2013). Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna: Bagong Pagpapakahulugan. Retrieved from http://www.bagongkasaysayan.org/ebook/wp-content/uploads/2013/03/3.Ang-Saysay-ng-Inskripsyon_Tiongson_Marked.Pdf.

Mga Kontribyutor

Si **Dennis Espada** ay isang makata, manunulat at mamamahayag. Siya'y mag-aaral ng Komunikasyon sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) Graduate School at fellow sa tula ng Palihang Rogelio Sicat sa ilalim ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Siya'y faculty member sa Kolehiyo ng Sining at Agham sa Pamantasan ng Lungsod ng Muntinlupa.

Nagtuturo ng wika, panitikan at pananaliksik sa Kagawaran ng Filipinolohiya ng PUP si **Jomar Adaya**. Nagtapos din sa nabanggit na unibersidad ng AB Filipinolohiya at MA Filipino, at kasalukuyang kumukuha ng PhD in Philippine Studies sa UP Diliman. Kasalukuyan siyang Hepe ng Center for Labor Research and Publications sa ilalim ng ILIR-PUP.

Si **U Eliserio** ay nagtuturo ng popular na kultura sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa UP Diliman. Awtor siya ng *Kami sa Lahat ng Mataba* (UST, 2016), koleksyon ng kritisismo. Natanghal na ang kanyang mga dula sa UP, Miriam College, at Cultural Center of the Philippines. Nagsusulat din siya ng maikling kuwento.

Kasalukuyang kumukuha si **Romeo Peña** ng PhD in Philippine Studies sa UP Diliman at dito rin nagtapos ng MA Filipino: Malikhaing Pagsulat. Nagtapos siya ng AB Filipinolohiya sa PUP at dito rin nagtuturo ng wika, panitikan, malikhaing pagsulat, at pananaliksik. Kasalukuyan siyang Hepe ng Center for Social History sa PUP.

E. SAN JUAN, JR, professorial lecturer sa Polytechnic University of the Philippines, ay emeritus professor ng English, Comparative Literature & Ethnic Studies sa ilang unibersidad sa U.S. Ilang bagong libro niya: *Lupang Hinirang*, *Lupang Tinubuan* (De la Salle U Press); *Ambil* (Philippines Studies Center); *Between Empire and Insurgency* (U.P. Press); *Learning from the Filipino Diaspora* (UST Press); *Filipinas Everywhere* (Sussex Academic

Press); Wala (PUP Press), at ang nakasalang na bagong libro: Carlos Bulosan (New York, Peter Lang)

Si **Daisy Arago** ay kasalukuyang Executive Director ng Center for Trade Union and Human Rights. Organisador, edukador at mananaliksik sa kilusang paggawa sa Pilipinas at maging sa ibayong dagat. Kamakailan, pinangunahan ni Ka Daisy ang pananaliksik sa mga batang manggagawa sa plantasyon sa Mindanao na inilimbag sa aklat na *Children of the Sunshine Industry: Child Labor and Workers Situation in Oil Palm Plantations in CARAGA*.

Titser at habambuhay na istudyante sa sosyolohiya, ekonomiks, at pagpapaunlad pampamayanan si **RE Felicia**. Nagtapos ng Masterado sa Pagpapaunlad ng Pamayanan sa University of the Philippines (UP), at Economics sa University of the East (UE). Bukod sa ILIR-PUP, bahagi din siya ng iba't ibang institusyong pangmanggagawa tulad ng Ecumenical Institute of Labor Education and Research (EILER), at Defend Job Philippines. Napapanood siya bilang Ka Mando sa serye ng mga educational video ng Kwentong Obrero. Sa likod ng kamera, si Sir Mandy ay may kinalaman sa mga dokumentaryong tulad ng Kwadrang Daigdig (tungkol sa globalisasyon), Lupa ay Laya (kasaysayan ng kilusang magsasaka sa Pilipinas), at Proletaryado (kasaysayan ng kilusang manggagawa sa Pilipinas).

Kilalang artista ng bayan at ng uring manggagawa, at dating Dekano ng College of Fine Arts, Unibersidad ng Pilipinas, si **Leonilo “Ka Neil” Doloricon**. Bukod sa pagiging lider-akademiko, pinanday ang sining ni Ka Neil ng mayaman at mahabang karanasan bilang organisador, edukador at lider-manggagawa.



Bahagi ng

epistemikong komunidad ng PUP,

ang Surian sa Paggawa

at Relasyong Pang-industriya (ILIR)

ay nagsisilbing

saliksikan,

ugnayan,

daluyan,

sanayan,

suportang serbisyo

at

adbokasiya



upang maging ambag ng PUP

sa pagbubuo ng maunlad,

masagana at nagsasarili ng ekonomya at lipunan

sa pamamagitan ng produktibo at mulat na paggawa.

